ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 18
Setyembre 21, 2020
www.cpp.ph




**EDITORYAL**

# Itatag ang malapad na pagkakaisa, wakasan ang tiraniya

Bagong antas ng internasyunal na kabantugan sa sama ang inabot ng rehimeng Duterte. Binatikos nitong nagdaang linggo ng European Parliament ang libu-libong ekstrahudisyal na pagpatay at iba pang seryosong paglabag sa karapatang-tao sa tinaguriang gera sa droga at laban sa mga nagtataguyod sa karapatang-tao, mga maka-kalikasan, unyonista at mamamahayag. Sa walang-habas at brutal na terorismo ng estado, pandarambong at pambansang pagtatraydor, isa na si Duterte sa pinakakinamumuhiang diktador sa kasaysayan.

Natulak magsalita ang internasyunal na komunidad dahil sa tahasang pasistang paninibasib ng rehimen laban sa bayan. Dagdag na hakbangin ng European Parliament na nanawagan ito sa European Commission na suspendihin ang pabor sa kalakalan na nakukuha ng Pilipinas sa European Union (EU). Idinidiin ng boto ng European Parliament ang pagkahiwalay ng rehimeng Duterte hindi lamang sa mamamayang Pilipino, kundi pati sa internasyunal na komunidad.

Mainit na binabati ng sambayanang Pilipino ang resolusyon ng European Parliament, gayundin ang mga pahayag ng mga myembro ng parlamento ng Australia, Basque at mga personahe sa iba't ibang bansa. Malaking pampasigla ito sa kanilang paglaban sa paghahari ng terorismo ng estado ng rehimeng Duterte. Mainam ang tiyempo ng resolusyon dahil hangad ng sambayanan na kagyat nang wakasan ang palyadong tugon ng rehimen sa pandemya, ang walang-kabusugang korapsyon, ang mabilis na lumalaking utang, pag-igting ng terorismo ng estado at panunupil.

Ipinipilit pa rin ng rehimen ang militaristang pagharap sa pandemya na may pakitang-taong hakbanging pangkalusugan at kulang na ayuda. Wala pa ring *mass testing* at mabagal ang *contact tracing* at bigong sabayan ang bagong mga impeksyon. Kaya, patuloy na lumalaki ang impeksyon at huling-huli ang gubyerno. Sa nagdaang mga linggo, libu-libo ang mga bagong impeksyon sa araw-araw na nagtulak sa kabuuang nahawa ng Covid-19 sa halos 300,000. Nangangambang mahawa ang milyun-milyong Pilipino, laluna ang mga naghihirap at nagsisiksikan sa mga komunidad. Sinasagad ng di makontrol na pandemya ang mga pasilidad medikal laluna sa mga prubinsya.

Sumirit ang bilang ng nahahawa sa mga manggagawa at karaniwang kawani na kailangang bumyahe at magtrabaho sa mga pabrika at upisina na walang sapat na proteksyon. Ipinag-utos ni Duterte ang pagluluwag para magbukas ang negosyo pero hindi inobliga ang mga kapitalista na magsagawa ng *mass testing* at sumunod sa mga pamantayan sa pampublikong kalusugan. Sa tabing ng pandemya, ipinipilit ang anti-mahirap na programang *jeepney phaseout,* kahit pa ang mga ito'y ligtas sa Covid-19 at kahit kulang na kulang ang pampublikong transportasyon.

Mistulang tinalikuran ng rehimen ang milyun-milyong mga estudyanteng Pilipino at mga guro sa bigong paghahanda at pag-aayos ng mga paaralan at pasilidad para ligtas na makapagturo ang mga titser sa harap ng kanilang mga estudyante ngayon at sa susunod ng taon. Tumatanggi itong makinig sa puna sa tinaguriang "blended learning" na bumabalewala sa kongkretong kundisyon ng milyong mga pamilyang walang pera para sa mga gadyet o internet.



Walang-habas ang kampanya ng mga pagpatay at pag-abuso sa karapatang-tao kahit sa gitna ng pandemya. Tumindi ang maruming gera ni Duterte sa sunud-sunod na mga pagpatay, pagdukot, tortyur, pag-aresto at matagalang pagkukulong sa mga aktibista at kritiko ng rehimen. Araw-araw ang malalalang paglabag sa karapatang-tao sa gitna ng kontra-insurhensya at mga taktika nito ng saywar, okupasyong militar at paghahamlet ng mga komunidad sa kanayunan.

Sinamantala ni Duterte at kanyang mga kroni ang pandemya upang patindihin ang burukrata-kapitalistang pagpapayaman sa mga binili ng gubyerno na sobra ang patong, kikbak at suhol. Bilyun-bilyong pisong pondong pampubliko ang ibinulsa ng malalaking burukrata sa pagbili ng kagamitang medikal at korapsyon sa Philhealth. Nag-papakana si Duterte na bumili ng bakuna mula China at Russia na posibleng maging pinakamalaking korapsyon sa krisis sa Covid-19.

Kung palatandaan ang panukalang badyet sa 2021 ng rehimen, malinaw na walang katapusan ang pagdurusa ng bayan sa ilalim ng rehimeng Duterte. Sagadsaring anti-mamamayan ang badyet nito sa 2021 na inuuna ang kontrainsurhensya at *pork barrel* kaysa kalusugan. Kung may ₱3.16/araw ang bawat Pilipino para sa kalusugan, may ₱12.3 milyon naman na pondong paniktik na pwedeng gastusin si Duterte sa bawat araw. Walang dagdag na pondo para sa edukasyon kahit kailangang-kailangan ang pag-aayos ng mga pampublikong paaralan. Sa kabilang banda, dinagdagan naman ng 2,969% ang badyet ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) tungong ₱19.1 bilyon.

Walang katapusan ang paglura ng rehimen ng kasinungalingan at kalahating-totoo para pagtakpan ang tunay na lagay ng bansa. Wala mang basehan, sinabi nitong nakalagpas na ang bansa sa pinakamalalang yugto ng pandemyang Covid-19, habang walang kapantay ang pagdurusa ng bayan sa laki ng disempleyo at tindi ng pagdarahop. Sa kabilang panig, pinalawig ni Duterte ang "state of calamity" ng isa pang taon upang patuloy na dambungin ang pondong pampubliko at isulong ang iba't ibang iskema para makapanatili sila sa poder.

Dapat kagyat na tipunin ng sambayanang Pilipino ang pinakamalaking bilang ng mga demokratikong organisasyon, kilusan, institusyon, ahensya, mga sektor at uri

*"Itatag...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 18 | Setyembre 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Itatag ang malapad na pagkakaisa, wakasan ang tiraniya 1
Lagpas pa sa bagsak si Duterte 3
NDFP, bukas makipag-usap sa bise presidente 4
Kapitalistang pagsasamantala, pinaigting 5
Pangungutang ni Marcos, tinutularan ni Duterte 6
Badyet para sa pasismo, korapsyon 7
Sa madaling salita 8
Nag-uulol na mga sundalo 9
Kawalan ng lupa, pasisihiin ng SPLIT 9
Mga protesta para sa karapatan 10
Mga ahenteng paniktik, pinarusahan 10
Pemberton, nakauwi na sa US 10
Dr. Edberto Villegas, 80 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Itatag...," mula sa pahina 2

sa isang malapad na nagkakaisang prente para patalsikin ang rehimeng Duterte. Sa gayon lamang lalaki ang tsansa ng mga Pilipino na labanan ang pandemya, igpawan ang krisis sa ekonomya, wakasan ang terorismo ng estado at hawanin ang daan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Maaaring buuin ang lahat ng klaseng alyansang sektoral, multi-sektoral, pang-kampus o panteritoryo, pormal at di pormal, upang maging sentro ng tulungan at koordinasyon ng lahat ng pwersang anti-Duterte. Maaaring isagawa ang iba't ibang aktibidad para sa pampulitika at pangkulturang pagpapahayag ng mga taong may iba't ibang antas ng kamulatan. Dapat kumilos din ang mga Pilipino sa ibayong dagat upang tipunin ang suportang pandaigdig at internasyunal na aksyong diplomatiko, pampulitika at pang-ekonomya laban sa rehimen.

Dapat magsilbing gulugod ang pambansa-demokratikong mga pwersa sa malapad na nagkakaisang prenteng anti-Duterte. Dapat silang pleksible, mapanlikha at matiyaga sa pagtipon ng mga tao at pagtataas ng kanilang kamulatan at militansya. Kaalinsabay, dapat di sila matinag sa harap ng intimidasyon at pagbabanta ng rehimen.

Ang sigaw para sa pagbibitiw o pagpapatalsik kay Duterte ang pinakakagyat na hangarin ng sambayanang Pilipinong naghahangad ng katarungan, pagbabalik ng kanilang mga karapatan at kalayaan, at pagkakaroon ng gubyernong tutugon sa kanilang kagalingan at iuuna ang pagtamo ng kapayapaan kaysa walang katapusang panggegera laban sa bayan. AB

# Lagpas pa sa bagsak si Duterte sa pagtugon sa pandemya

Binigyan ng "negatibong 99.9%" ni Kasamang Juliet de Lima, tumatayong pinuno ng *negotiating panel* ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), ang tugon ng rehimeng Duterte sa pandemyang Covid-19. "Absolutong wala siyang (Rodrigo Duterte) ginawang tama" at sa halip ay pinahirapan ang masa at binangkrap pa ang gubyerno.

"Militarista, at talagang hindi medikal ang tugon ng rehimeng Duterte sa pandemya," ayon kay Ka Julie. Walang kunsiderasyon sa mga karapatan at kapakanan ng mamamayan ang *lockdown* at mga *quarantine measure*. Katunayan, nagsilbi pa ito para ikalat ang bayrus at pahirapan ang mamamayan, laluna ang mahihirap, ayon pa sa kanya.

Dinambong ni Duterte ang pampublikong pondo sa tabing ng pagbibigay ng ayuda at paglulunsad ng *mass testing*. Walang benepisyong ibinigay sa mga apektado ng Covid-19 o sa milyong mamamayang nawalan ng trabaho dulot ng *lockdown*.

"Pinakamalala," ani Ka Julie, "ang mga *responder* ng mga ligal na organisasyong masa tulad ni Zara Alvarez ay inaaresto, tinotortyur at pataksil na pinapatay ng militar at pulis na itinalaga para kunwa'y ipatupad ang *lockdown*."

"Dapat ibigay sa mga manggagawang medikal at pangkalusugan ang pamumuno sa paglaban sa pandemya," ani Ka Julie. Prayoridad dapat ang paglalaan ng pondo sa paglaban dito. Dapat kagyat na bigyan ng pondong pang-*emergency* ang apektadong mamamayan.

"Dapat ideploy ang mga yunit at tauhang medikal ng militar sa pagpapalakas ng mga medikal na pagsisikap laban sa pandemya at hindi para sa pagpapatupad ng kwarantina at *lockdown*." Aniya, dapat pinakikilos lamang ang mga ito para magbigay serbisyo tulad ng pagtulong sa mga naabutan ng *lockdown* para makauwi sa kani-kanilang mga prubinsya. Ang mga lokal na pulis ay dapat ideploy para magbigay ng tulong pangkagipitan sa mga nangangailangan.

"Kailangan pigilan ang pagdambong ni Duterte at kanyang mga kroni sa pampublikong pondo, at dapat ibigay sa mamamayan ang mga ayuda at pautang mula sa ibang bansa at mga internasyunal na ahensya."

Binatikos ni Ka Julie ang pagbuhos ni Duterte ng bilyun-bilyong pondo para pasikarin ang kampanyang kontra-insurhensya, tulad ng 2,969% dagdag sa badyet ng NTF-ELCAC. "Ang pagwawaldas sa pampublikong pondo sa pamamagitan ng paglalaan ng sobra-sobrang badyet sa AFP ay isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit bangkarote ang gubyerno," aniya. "Hindi nito mapahihinto kundi pinaiigting pa ang digmang bayan."

Kung hindi itinigil ni Duterte ang usapang pangkapayapaan at nirespeto ang mga kasunduan nito, marami sana ang maitutulong ng naabot na mga kaisahan ng magkabilang *panel* tulad ng nakinis nang Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER).

"May angkop na mga probisyon sa CASER para sa pagharap sa pandemyang Covid-19," ayon kay Ka Julie. Mayroon itong buong artikulo na nakatuon sa pagtatatag ng isang unibersal na pampublikong sistemang pangkalusugan na magbibigay ng kumprehensibo at de kalidad na serbisyo para sa lahat. Bago itinalaga bilang tumatayong pinuno ng peace *panel*, pinanguluhan ni Ka Julie ang *reciprocal working committee* na bumuo ng naturang borador.

"Lagpas...," sundan sa pahina 4

*"Lagpas...," mula sa pahina 3*

Nakasaad sa Seksyon 4 ng Artikulo XIV (Karapatan sa Kalusugan) ng CASER na kinakailangang pagtuunan ng pansin ang pagpapalakas sa sistemang pangkalusugan at programa para sa pag-iwas sa sakit na nakabase sa mga pagbibigay ng batayang mga serbisyong pangkalusugan sa antas-komunidad. Kasabay ng pagbibigay ng de kalidad na serbisyong pangkalusugan ang pagharap sa mga usapin ng nutrisyon, serbisyo sa tubig, pabahay, edukasyon, trabaho at mapagkakakitaan, at iba pang mga usaping nakaaapekto sa kalusugan.

Tinitiyak ng Seksyon 5 na makatatanggap ng nakabubuhay na sahod at benepisyo ang lahat ng manggagawang pangkalusugan, gayundin ang makataong kundisyon sa paggawa, at katiyakan sa trabaho. Sa Seksyon 6, tinukoy ang pangangailangan ng paggamit, pagpapaunlad at promosyon ng alternatibong panggagamot sa mga komunidad. Nakasaad din na kailangang pangalagaan ang mga pamamaraang ito laban sa mga umaangkin ng *intellectual property rights* at kumpetisyon sa dayuhang mga gamot. AB

# NDFP, bukas makipag-usap sa bise-presidente


Nagpahayag ng kahandaan ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na makipagtalakayan kay Vice President Leni Robredo bilang konstitusyunal na tagahalili ni Rodrigo Duterte para muling buksan ang usapang pangkapayapaan sa pagkakataong mapatalsik o magbitiw ang pangulo. "Maaari itong maging isa sa mga tuntungan para patalsikin si Duterte," ayon kay Juliet de Lima, tumatayong pinuno ng *peace panel* ng NDFP.

"Posible at kanais-nais ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan pagkatapos ng termino ni Duterte, kung mapatalsik man siya o matapos ang kanyang termino," ayon pa kay Ka Julie. "Magiging mabuti sa papalit sa kanya kung tutugunan ang dati nang hiling ng NDFP na pagtibayin ang mga kasunduang napirmahan na sa nakaraang mga administrasyon, bigyan ng amnestiya at palayain ang mga detenidong pulitikal, at sa pamamagitan ng negosasyong pangkapayapaan ay gawing layunin ang pambansang rekonsilyasyon, kapayapaan at pagkakaisa, na maaaring humantong sa isang gubyernong koalisyon na magpapatupad sa mga kasunduan sa mga reporma sa lipunan, ekonomya at pulitika, at sa pagtatapos ng armadong tunggalian, at pagtatakda ng disposisyon ng armadong pwersa ng parehong panig."


Sakaling magbukas muli ang usapang pangkapayapaan ng NDFP at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas sa gitna ng pandemya, maaaring talakayin agad ang Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER) para maipinal at maaprubahan na ito.

"Kapag nabuksan muli ang usapan, maaaring magpalawig pa sa usapin batay sa pagsusuma ng mga karanasan at paghalaw ng mga aral mula sa dalawang panig, gayundin kapwa mga positibo at negatibong hakbang ng ibang bansa at internasyunal na mga ahensya sa pagharap at paggapi sa partikular na pandemyang ito, at sa iba pang pandemya," aniya.


Dati nang napagkasunduan ng magkabilang *panel* na matapos aprubahan ang Agrarian Reform and Rural Development at National Industrialization, sisimulan na ng dalawang panig ang implementasyon ng kasunduan. AB




**Kabilang ang sumusunod na mga probisyon sa nilalaman ng Artikulo 21 ng CASER na may kaugnayan sa paghahanda at pagtugon sa pandemya o anumang sakuna:**




**pagbibigay ng sapat na suporta sa kahandaan sa kalamidad.**




**kagyat na pagresponde at pamamahagi ng *relief*, at komprehensibong rehabilitasyon, rekonstruksyon at rekoberi.**




**pagbabawal sa pribatisasyon ng anumang aspeto ng pagtugon sa kalamidad upang huwag makompromiso ang pagbibigay ng serbisyo sa mamamayan.**




**pagbalangkas ng plano sa rehabilitasyon at rekonstruksyon na naaangkop sa partikularidad at ispesipikong mga peligrong kinakaharap ng mga komunidad.**



**pagbibigay ng kagyat at sapat na suportang pinansyal, materyal, moral at sayko-sosyal.**

# Kapitalistang pagsasamantala, pinaigting sa panahon ng pandemya

Pinaigting na kapitalistang pagsasamantala ang dinaranas ng mga manggagawang bumalik sa trabaho sa gitna ng rumaragasang pandemyang Covid-19. Nang payagan ng rehimeng Duterte ang pabubukas sa operasyon ng piling mga industriya noong Mayo, hindi nito inobliga ang mga kapitalista na tiyaking malusog at ligtas ang mga manggagawa. Ang tanging ginawa nito ay maglabas ng kautusang "nanghihikayat" sa mga pribadong kumpanya na galangin ang mga karapatan at kagalingan ng mga manggagawa. Wala itong itinakdang multa o parusa sa mga lalabag dito.



**Di ligtas na mga sona sa paggawa**

Noong Agosto, sumirit ang bilang ng mga nagpositibo sa *export processing zone* sa Calabarzon (Region IV-A), kung saan nagtatrabaho ang mga manggagawa sa magkakadikit na *assembly line*. Mahigit 30 sa 140 kumpanya sa Laguna ang nagulat ng mga kaso, kabilang ang Gardenia, Ftech, Alaska, Coca-Cola, IMASEN, Technol Eight, Optodev, Interphil, Edward Keller, Toshiba at Nexperia. Tinukoy na dahilan ng mga upisyal sa kalusugan sa rehiyon ang pagtanggi ng mga kumpanya na magpatupad ng mga hakbang pangkalusugan. Anila, kumalat ang bayrus sa mga sakayan, dormitoryo at mga kainan. Gayunpaman, hindi malayong kumalat ang bayrus sa mismong mga linya sa produksyon dahil gumagana na nang 80%-100% sa kapasidad ang mga pabrika. Taliwas ito sa mga alituntunin kaugnay sa *physical distancing*.

Mayorya sa mga manggagawa rito ay walang unyon at kontraktwal. Sadyang binabalewala ng mga kumpanya ang kanilang kalusugan sa kagustuhang kumita. May mga pagkakataong tumanggi ang kapitalista na isara ang pabrika para magsagawa ng disimpeksyon matapos may mga manggagawang nagpositibo sa sakit. Kulang na kulang ang mga pasilidad pangkwarantina. Madalas, pinauuwi lamang ang mga manggagawang nagpositibo sa kani-kanilang masisikip na bahay o dormitoryo kung saan naisasapeligro nila ang kanilang mga kapwa manggagawa o kapamilya. Madalas ding walang isinasagawang *contact tracing*. Wala ring *follow-up* na tsek-ap mula sa kumpanya. Mga komadrona lamang mula sa barangay ang pana-panahong nagtatanong sa kanilang kalagayang medikal.

Walang *mass testing*. Patuloy na nakikihalubilo ang mga manggagawang maaari nang nahawa sa matataong pabrika o lugar ng trabaho. Sa iilang kumpanyang nagsagawa ng *testing*, hindi sinaklaw ang mga kapamilya ng mga manggagawa.

Sa Metro Manila, may mga *call center* na naglilihim ng tunay na bilang ng nagpositibong manggagawa sa takot na ipasara sila. Pinauuwi lamang ang mga may sakit at pinababayaan. Pumapasok pa rin sa mga naka-*aircondition* at matataong upisina ang mga *call center agent* kahit pakiramdam nilang nahawa na sila.

Mas malala, ginamit ng mga kapitalista ang pandemya para arbitraryong magtanggal ng mga manggagawa. Isang halimbawa nito ang pagsipa sa 300 kontraktwal na manggagawa ng Zenith Foods Corporation at agad na pagpalit sa kanila noong Hunyo. Naiulat din sa Southern Tagalog ang mga tanggalan sa Lazada, Nippon Paint, SKMTI, TS Tech, Logistics, Conception at Unimagina.

**Inutil na gubyerno**

Inulat ng Department of Labor and Employment noong Setyembre 9 na 40,943 pa lamang ang nasiyasat nito sa mahigit isang milyong rehistradong negosyo sa buong bansa. Halos sangkapat sa mga ito (9,943) ay hindi sumunod sa pinakabatayang hakbang pangkalusugan tulad ng pagpapasuot ng *face mask* at *face shield,* pagkakaroon ng mga pasilidad sa sanitasyon at pagkakaroon ng regular na tsek-ap pangkalusugan.

Paulit-ulit na tumanggi ang rehimeng Duterte na magsagawa ng libreng *mass testing*. Hinikayat lamang nito ang mga korporasyon na ieksamen ang mga manggagawa bago sila pagtrabahuin. Marami sa kanila ay napilitang bayaran ang kanilang mga *testing* na nagkakahalagang ₱4,000-₱8,000 kada *test*. Hanggang ₱900 kada *test* lamang ang sinasagot ng PhilHealth.

Hindi rin inobliga ng rehimen na magkaroon ng mga pasilidad pangkwarantina ang mga kapitalista. Sa halip, iniutos nito na gamitin para sa kwarantina ang mga klasrum ng mga pampublikong eskwelahan at ipasa sa lokal na mga barangay ang pagmonitor sa mga maysakit.

Walang isinagawang pag-eeksamen sa mga komunidad ng mga manggagawa. Hindi rin inobliga ng rehimen ang mga kapitalista na bigyan ng kumpensasyon ang mga nakakwarantina na katumbas ng rekisitong 14 na araw. Brutal na ipinatutupad ang sistemang "no work, no pay," kahit pa malinaw na nahawa ang mga manggagawa sa

*"Kapitalistang...," sundan sa pahina 6*

# Labis-labis na pangungutang ni Marcos, tinutularan ni Duterte

*Pangatlong bahagi ng serye kaugnay sa pangungutang ng rehimeng Duterte. Basahin ang unang bahagi, "Malakihang pangungutang sa ngalan ng pandemya," sa* Ang Bayan, *Agosto 21, 2020; ikalawang bahagi, "Perwisyong hatid ng kaliwa't kanang pangungutang ni Duterte,"* Ang Bayan, *Setyembre 7, 2020.*

Tulad ni Rodrigo Duterte ngayon, nakipagsabwatan ang diktador na si Ferdinand Marcos noon sa mga imperyalistang institusyong pampinansya para pondohan ang kanyang engrandeng programang pang-imprastruktura para umano pasikarin ang ekonomya ng bansa.

Labis-labis ang inutang ni Marcos mula sa International Monetary Fund (IMF) at World Bank (WB) na pawang kontrolado ng US para pondohan ang 61 sa kanyang mga proyekto. Kabilang dito ang Bataan Nuclear Power Plant at iba pang mga proyekto na tinaguriang mga "white elephant," mga imprastruktura na hindi naman napakinabangan ng mamamayan at ginamit lamang ni Marcos at kanyang mga kroni para kumubra ng kikbak.

Nang ipataw ni Marcos ang batas militar, agad niyang niliberalisa ang patakaran sa pangungutang at ipinatupad ang mga repormang idinikta sa kanya ng IMF-WB. Tinanggal niya ang limitasyon sa pangungutang na noo'y nagbabawal sa Pilipinas na mangutang lampas sa $250 milyon kada taon at magtala ng kabuuang utang na $1 bilyon. Sa loob ng walong taon (1973-1981), umutang siya ng mahigit $2.6 bilyon. Pagsapit ng 1980, ang Pilipinas na ang ikawalo sa 113 bansa sa buong mundo na nakakubra ng pinakamalaking pautang mula sa WB. Kasama ang inutang niya mula sa mga dayuhang pribadong bangko, pumalo ang dayuhang utang ng bansa mula $600 milyon noong 1965 tungong mahigit $26 bilyon pagsapit ng 1986.

Pagsapit ng 1980, ang Pilipinas na ang nangungunang bansa sa Asia at ikalawa sa buong mundo na nakatanggap ng pinakamalaking halaga ng mga *structural adjustment loan* (SAL) mula sa IMF-WB. Ang mga pautang na ito ay may kaakibat na mga kundisyon gaya ng pagpapababa sa mga taripa, at pagtatanggal ng kantitatibong restriksyon sa pag-import; dagdag na buwis; pribatisasyon ng mga pampublikong pag-aari; deregulasyon; pag-eksport ng lakas-paggawa; pagkaltas sa sahod at iba pang kontra-mamamayan at makanegosyong mga patakaran. Sa kalaunan, ang mga neoliberal na hakbanging ito ay ipinakete bilang Washington Consensus.

Ang mga SAL na kinubra ni Marcos mula 1980 hanggang 1984 na nagkakahalaga ng $500 milyon ang naghudyat sa simula ng dekadekada nang pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal sa Pilipinas. Bilang bahagi nito, lubhang pinababa ang abereyds na taripa sa pag-iimport mula 43% noong 1981 tungong 28% noong 1985 na nagresulta sa pagkalugi ng mga lokal na negosyo at malawakang disempleyo.

Taliwas sa rebisyunistang pakana na palabasing "ginintuan" ang mga taon sa ilalim ng diktadurang US-Marcos, ang totoo ay sumadsad ang ekonomya. Pagsapit ng 1985, ang tantos ng disempleyo ay pumalo sa 12.6% mula 3.9% lamang noong 1975. Sumirit din ang presyo ng mga pangunahing bilihin at serbisyo kasabay ng paglobo ng tantos ng implasyon tungong halos 30% noong 1985 mula 6.8% noong 1975.

Sa kabila ng umano'y "panunumbalik" ng demokrasya nang mapatalsik ang diktadura noong 1986, lahat ng sumunod na rehimen, kabilang ang kasalukuyang rehimeng Duterte ay patuloy na nagtataguyod at nagpapatupad sa mga neoliberal na repormang idinidikta ng IMF-WB. AB




"Kapitalistang...," mula sa pahina 5

pabrika. Madalas ding hindi sila nakatatanggap ng *hazard pay*.

Hinigpitan ang pampublikong transportasyon pero walang ibinigay na alternatiba. Ipinasa sa mga kumpanya ang responsibilidad na kumontrata ng ibang pribadong kumpanya para magbigay ng mamahaling serbisyong kailangang bayaran ng manggagawa. Inireklamo kamakailan ng mga manggagawa sa Laguna na mabigat ang ₱60 pamasahe sa espesyal na *shuttle* dahil ₱373 lamang ang kanilang arawang sahod.

Mas malala, pinahintulutan ng rehimen ang "pakikipagtawaran" ng mga kumpanya sa mga manggagawa para bawasan ang sahod. Marami ang napilitang tumanggap nang halos 50% pagbaba ng sahod, laluna ang mga may kaayusang *work from home.* AB

# Badyet para sa pasismo at korapsyon, kinwestyon

Puspusang inurirat at kinuwestyon ng mga progresibong kongresista ang badyet ng rehimeng Duterte para sa 2021 nitong Setyembre. Partikular na pinagtuunan ng pansin ng mga kinatawan mula sa Makabayan Bloc ang pondong inilaan sa militar, sa upisina ni Rodrigo Duterte at maging sa mga ahensyang direktang nakapailalim dito.

Pangunahin dito ang halos 3,000% dagdag badyet para sa National Task Force-ELCAC, ₱206-bilyong dagdag sa Department of National Defense at malalaking alokasyon sa pondong paniktik at mga ahensyang nasa ilalim ng Office of the President. Binatikos ng mga mambabatas ang paggamit ng mga ahensyang ito ng pondo para sa kampanyang panunupil na kinatatampukan ng *red-tagging,* iligal na pang-aaresto at detensyon, at ekstrahudisyal na pamamaslang laban sa mga organisasyon, indibidwal at institusyong kritikal kay Duterte.

Kaugnay nito, nananawagan si Sen. Franklin Drilon na i-akawnt ang pondo ng NTF-ELCAC na aniya'y sadyang nakabalangkas para sa korapsyon. Sa ₱19-bilyong badyet nito, ₱16.4 bilyon ay kunwa'y ibibigay sa mga barangay para sa hindi programadong mga proyektong sosyal at pang-ekonomya.

Binatikos naman ng mga organisasyong masa ang pagprayoritisa ng rehimen sa programang imprastruktura sa harap ng rumaragasang pandemya. Ayon sa pag-aaral ng Ibon Foundation, hindi bababa sa ₱1.1 trilyon sa ₱4.3-trilyong pambansang badyet ang nakalaan para sa programang Build, Build, Build ng rehimen. Malalaki ang inilaang pondo sa Department of Public Works and Highways (₱613 bilyon) at Department of Transportation (₱107.4 bilyon). Malaking bahagi nito (36%) ay para sa paglalatag lamang ng mga kalsada. Ito ay habang napakaliit ng inilaan (₱1.8 bilyon) para sa pagtatayo ng mga pasilidad medikal at ospital sa harap ng pumapalyang sistemang pangkalusugan ng bansa.

Hindi kaiba sa nakaraan, tinatrato ng mga kongresista bilang *pork barrel* ang pondo sa imprastruktura. Lumitaw ang malalaking agwat sa alokasyon sa mga distrito nang kwestyunin ng isang maka-administrasyong kongresista ang alokasyon para sa mga distrito ng pinakamasugid na mga tuta ni Duterte sa kongreso. Sa partikular, ang distrito ni Rep. Alan Cayetano ay nilaanan ng ₱8 bilyon, at ₱11.8 bilyon naman sa distrito ni Rep. Luis Raymund Villafuerte.

Kung bubuuin, napakaliit ng idinagdag na badyet para sa mga serbisyong sosyal. Ayon sa Ibon Foundation, lumiit ang inilaang pondo ng rehimen para sa mga programang krusyal sa panahon ng pandemya at resesyon. Kahit pa may bahagyang paglaki sa panukalang badyet para sa Department of Labor and Employment, kulang na kulang ito para bigyan ng ayuda ang milyunmilyong manggagawang nawalan ng trabaho. Bumaba rin ang pondong nakalaan sa Department of Trade and Industry para sa maliliit na negosyo mula ₱534 bilyon tungong ₱454 bilyon.


Taliwas sa ipinagmamalaking badyet ng rehimen para sa edukasyon at serbisyong panlipunan, napakaliit ang idinagdag nitong pondo para sa mga pagbabagong dala ng *lockdown.* Pareho lamang ang inilaan nitong pondo para sa mga pagbabago ng kurikulum at pagpapaunlad ng patuturo na kailangan para sa mga *modular training* at *online class* sa elementarya at hayskul. Halos walang pinag-iba ang alokasyon para sa mga kolehiyo at unibersidad sa 2020 at 2021 kahit pa salat na salat sa kagamitan at pamamaraan para sa mga *online class.* Wala itong inilaan para paunlarin ang imprastrukturang *digital*, kahit malaking pahirap ang pagkaatrasado nito sa *online* na edukasyon.

Pinakamalala ang inilaang badyet para sa Department of Health, na dapat pinakaprayoridad sa panahong batak na batak na ang sistema sa kalusugan at sa tayang pagtagal pa ng pandemya. Itinaas lamang ng 2.9% (₱27 bilyon) ang alokasyon para sa ahensya. Kulang na kulang ito kahit para sa pag-eempleyo pa lamang ng dagdag na mga manggagawang medikal. Maraming krusyal na programa ang kinaltasan pa ang pondo tulad ng pananaliksik kaugnay sa nakahahawang mga sakit, pagmantine ng mga pampublikong ospital (kabilang ang mga Covid-19 *center*) at mga laboratoryong nagpoproseso ng mga *test*, sistema ng pangangalap ng napapanahon at tumpak na datos, pagsasanay para sa mga personel sa medikal at marami pang iba. Ayon sa Alliance of Health Workers, sinasalamin nito ang sadyang pagpapabaya ng rehimen sa kalusugan ng mamamayan at mga patakaran laban sa *mass testing, contact tracing* at pagtitiyak ng syentipikong batayan ng mga hakbang kontra pandemya.

Liban sa paglaki ng pondo para sa kontra-insurhensya at kurakot ni Duterte at kanyang masusugid na alipures, halos walang pinag-iba ang badyet noong 2020 at ang ipinapanukala para sa 2021. Tuloy ang saya ng mga mandarambong at pasista sa pagbulsa sa kaban ng bayan, kahit sa gitna ng pandemya at resesyon. AB




# ₱2.5 BILYON



**pondo** para sa **bakuna** kontra **Covid-19**.

Sa minimum, **₱22 bilyon** ang kailangan para **bakunahan ang lahat ng Pilipino**.

## ₱28 milyon




**WINALDAS NG DENR**

*SA **PAGTATAMBAK** NG DOLOMITE "**WHITE SAND**" SA 500-METRONG BAYBAYIN NG **MANILA BAY***

Ang *dolomite* ay may sangkap na *aluminum*, *lead*, at *mercury* na delikado kapwa sa tao at mga lamang dagat.

## ₱3.16

badyet kada Pilipino



**kada araw**. "Hindi makabili ni isang *paracetamol*," ayon sa mga manggagawa sa kalusugan.

## Shield Act


panukalang batas ng blokeng Makabayan (House Bill 7620)

para sa ₱1.568-trilyong pondong pangkagipitan sa mga estudyante, manggagawa at maliliit na negosyo.

## 100,000+

ang **nagprotesta** sa **Minsk, Belarus** noong **Setyembre 13 laban sa tiraniya**.

Ganito rin karami ang **nagprotesta** sa **Bangkok, Thailand** noong **Setyembre 19** na **nanawagang wakasan** ang **monarkiya** at **paghaharing militar.**





## Setyembre 9, 1976

**Araw na namatay** ang dakilang lider na si **Mao Zedong**

Ginunita ngayong taon ang **ika-44 anibersaryo** ng kanyang **kamatayan**.

## 626

mambabatas ng European Parliament

ang **bumoto** pabor sa **resolusyon** na nanawagan ng **independyenteng imbestigasyon** kaugnay sa kalagayan ng **karapatang-tao sa Pilipinas.**

Pito lang ang tumutol.

## 37 PETISYON

na ang **naisampa** sa **Korte Suprema** laban sa **Anti-Terror Law**

# Nag-uulol na mga sundalo sa mga baryo

Walang awang pinaslang ng mga ahente ng estado si Rolando Patiño Leyson, Sr., 78, noong Setyembre 12 sa Barangay San Pedro, Sison, Surigao del Norte. Limang armadong lalaki ang lumusob sa kanyang bahay at mahigit 20 ulit siyang binaril. Tinarget si Leyson dahil lamang kilalang kumander ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa prubinsya ang kanyang anak.

Bago nito, pinatay din ng parehong grupo ang drayber ng traysikel na si Jojie Udtohan Gayoso noong Setyembre 8 sa parehong barangay. Si Gayoso ay katiwala ni Leyson

Sa Eastern Samar, pinatay ng mga elemento ng 78th IB ang isang lalaking may sakit sa pag-iiip sa Sityo Kabugawan, Barangay Aroganga, Dolores noong Agosto 16. Binaril ang biktima matapos niyang hagisan ng niyog ang isang sundalo. Nagkataon na nasalubong nila ang biktima sa lugar kung saan nila naka-engkwentro ang isang yunit ng BHB.

Sa Negros Oriental, inaresto si Nonna Espinosa at siyam na iba pa sa Sityo Ilihan, Barangay Buenavista, Guihulngan City noong Setyembre 10. Itinago sila ng mga sundalo ng 62nd IB at hanggang ngayon ay hindi pa nadadalaw ng kanilang mga kaanak.

Sa Negros Occidental, tatlong magsasaka ang ginipit ng mga sundalo ng 62nd IB na nanghalihaw sa Barangay Budlasan, Canlaon City noong Setyembre 17. Parehong nagaasikaso ng mga alagang kalabaw sina Ernie Jacolbe at Gilbert Reyes nang gipitin sila ng mga sundalo. Pinagbantaan naman si Romeo, kapatid ni Reyes. Iligal ding hinalughog ng mga sundalo ang mga bahay sa Sityo Natuling at ninakaw ang mga kagamitan ng mga residente. Isa pang grupo ng kabataan ang ginipit ng naturang yunit sa katabing barangay.

Sa Western Samar, nadagdagan pa ang mga baryong sinasalanta ng 87th IB at 14th IB sa ngalan ng Retooled Community Support Program. Sinaklaw ng operasyon ng militar ang mga barangay ng Hagbay at Cataydungan sa San Jose de Buan, dagdag sa nauna nang 33 barangay na kanilang inookupa mula pa Mayo. Walo sa mga baryong ito ang hinamlet, kung saan dalawa hanggang tatlong residente lamang ang pinapayagang lumabas ng barangay.

**Lider-drayber sa Bicol, inaresto**

Dinakip ng pinagsanib na pwersang militar at pulis si Ramon Rescovilla noong Setyembre 9 habang pauwi sa Daraga, Albay. Tinamnan ng ebidensyang baril at granada ang kanyang *bag* at matapos ay dinala siya sa presinto kung saan siya binugbog. Sinampahan siya ng gawa-gawang kasong pagpatay.

Si Rescovilla ay bise presidente ng Pinag-isang Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (Piston) at tumatayong tagapagsalita ng Condor-Piston Bicol.

Sa Camarines Norte, inaresto ang mamamahayag na si Rommel Fenix at apat pang mamamahayag noong Setyembre 15. Sinampahan sila ng kasong *libel* ng gubernador lokal na upisyal ng prubinsya.

Isang araw bago nito, binaril at napatay ang mamamahayag na si Jobert Bercasio sa Barangay Cabidan, Sorsogon City noong Setyembre 14. Si Bercasio ang ika-17 mamamahayag na pinatay sa ilalim ng rehimeng Duterte. AB

## Kawalan ng lupa, pasisidhiin ng programang SPLIT, pagtatayo ng mga *mega farm*

PALALALAIN NG PROGRAMANG SPLIT (Support to Parcelization of Lands for Individual Titles) ng Department of Agriculture (DA) ang kawalan ng lupa sa kanayunan, ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa isang pahayag noong Setyembre 7. Popondohan ang programang ito ng ₱18.3-bilyong utang mula sa World Bank. Saklaw nito ang halos 1.4-milyong ektaryang lupang agrikultural, na binubungkal ng halos isang milyong magsasaka.

Hindi simpleng pamamahagi ng indibidwal na titulo ang layunin ng SPLIT. Taliwas sa pangalan ng programa na para diumano ibigay ang mga indibidwal na titulo, ang tunay na pakay ng SPLIT ay bigyang daan ang malawakang pagbili ng mga titulo para itayo ang mga "mega farm" ng malalaking kumpanya. Sa deka-dekadang karanasan ng KMP, madalas na nababawi ang mga Certificate of Land Ownership Award ng indibidwal na magsasaka gamit ang mga butas sa batas, karahasan at panlilinlang. Laganap ang mga kaayusan ng maanomalyang pagbawi ng mga panginoong maylupa sa mga lupang naipamahagi na sa mga sistemang katulad ng aryendo.

Magpapalala rin sa gutom ng mga magsasaka ang programa ng DA na Mega Farms and Food Security Program. Itutulak ng naturang programa ang pagbubuklod ng indibidwal na mga magsasaka na may hawak na maliliit na parsela ng lupa tungo sa malalaking sakahan o “mega farm” na may 50 ektarya para sa “espesyalisadong produksyon” ng mga “high value crop” o mga produktong mabilis na naibebenta sa dayuhang merkado. Karugtong ito sa programang itinutulak ng Asian Development Bank ng paglipat ng mga magsasaka sa pagtatanim ng komersyal na mga produktong agrikultural, partikular ang mga magsasaka sa mga palayan na nawalan ng kita dulot ng liberalisasyon sa importasyon ng bigas.

# Protesta para sa karapatan at laban sa kaltas sa badyet at diktadura

Sunud-sunod na mga protesta sa lansangan at *online* ang isinagawa ng iba't ibang sektor nitong nakaraang dalawang linggo.

Nagpiket ang mga kabataan sa harap ng Kongreso sa Quezon City kasabay ng pagtalakay sa badyet para sa edukasyon noong Setyembre 16. Sinundan ito ng pagkilos ng mga maralitang lunsod na naggiit na agad nang ipamahagi ang ayuda kasabay naman ng pagdinig sa badyet ng Department of Social Welfare and Development.

Isang araw bago nito, nagpiket naman ang mga guro para manawagan ang dagdag na pondo para sa edukasyon.

Noong Setyembre 14, daan-daang drayber ang nagtipon sa harap ng tanggapan ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board sa Quezon City. Panawagan nila na pahintulutan nang bumyahe ang lahat ng dyip, pagbubukas sa lahat ng ruta, at ganap na pagbasura sa pakanang *jeepney phaseout*. Pinahintulutan ang pagbyahe ng dagdag na 1,159 na dyip pero lubhang kulang pa rin ito. Nananatiling nakatengga ang 58,000 na dyip at wala pa ring kita ang 116,000 mga drayber.

Sa parehong araw, inilunsad ng Karapatan ang Global Day of Action for the Philippines kasabay ng pagbubukas ng sesyon ng United Nations Human Rights Council. Nakiisa rito ang limang espesyal na taga-ulat ng United Nations, mga myembro ng parlamento ng European Union, Basque at Australia, mga internasyunal na koalisyon at institusyon, at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Hongkong, Korea, Kenya, Turkey at South Africa.

Nagtipon ang mga biktima ng batas militar at kanilang mga tagasuporta sa Bantayog ng mga Bayani noong Setyembre 11, sa araw ng kapanganakan ng diktador na si Ferdinand Marcos. Kinundena nila ang tangkang pagsasabatas ng Marcos day o Araw ni Marcos sa Ilocos Norte.

Sa Davao City, lumabas sa upisina ang mga myembro ng Gabriela, KMU at Karapatan at nagtungo sa Orcullo Drive noong Setyembre 14 para iprotesta ang paulit-ulit at laganap na red-tagging at panggigipit ng militar at lokal na gubyerno sa mga aktibista sa syudad AB

### Mga ahenteng paniktik, pinarusahan

INAMBUS NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Roselyn Jean Pelle Command ang ahenteng paniktik na si Benedicto Omblero noong Setyembre 4 sa Negros Occidental. Nakumpiska mula sa kanya ang dalawang kalibre .45 at mga bala. Si Omblero ay elemento ng Military Intelligence Battalion na nasa ilalim ng 3rd ID, at kasapi ng anti-komunistang grupong ANAD.

Samantala, pinarusahan din ng BHB-Surigao del Norte ang ahenteng paniktik na si PSSgt. Restie Dandan noong Agosto 18.

Parehong sangkot sina Omblero at Dandan sa iligal na pag-aresto sa mga magsasaka, pagbabanta sa mga residente, pangingikil at iba pang mga anti-sosyal na gawain sa mga komunidad.

Sa Davao City, limang sundalo ng 27th IB ang napatay nang ambusin sila ng BHB sa Sityo Lubas, Paquibato District noong Agosto 26.

### Pemberton, binigyan ng *pardon* at nakauwi na sa US

GULAT AT GALIT ang sumalubong sa paggawad ni Rodrigo Duterte ng *presidential pardon* o absolutong pagpapatawad noong Setyembre 6 kay Joseph Scott Pemberton, ang sundalong Amerikanong pumatay sa *transgender* na si Jennifer Laude noong 2015. Kalahati pa lamang sa 10-taong sentensya ang naging haba ng kanyang pagkakabilanggo.

Sa isang pahayag noong Setyembre 7, tinawag ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pagpapatawad bilang pangangayupapa ni Duterte sa gubyerno at militar ng US, inhustisya sa pamilya ni Laude, at pagtatraydor sa mamamayang Pilipino.

Bago ang pagpatawad kay Pemberton, mayroon nang 10 naiulat na krimen ang mga sundalong nasa bansa na nakapailalim sa Visiting Forces Agreement. Liban sa isang kaso ng panggagahasa noong 2005, lahat ng mga kaso na ito ay hindi umabot sa mga korte.

### Dr. Edberto Villegas, 80

PINARANGALAN NG Partido Komunista ng Pilipinas at iba't ibang progresibong grupo at indibidwal si Dr. Edberto Villegas, isa sa pinakamasigasig na patriyotiko, kampyon ng anti-imperyalismo at rebolusyonaryong intelektwal sa bansa. Pumanaw siya sa edad na 80 matapos na dumanas ng *stroke* noong Setyembre 7. Kabilang siya sa mga nagtatag sa Kabataang Makabayan noong 1964.

Siya ay dating propesor ng University of the Philippines-Manila at De La Salle University. Bilang isang rebolusyonaryong intelektwal, masugid niyang binatikos ang mga patakarang neoliberal at mga programa ng mga teknokrata ng World Bank sa Pilipinas na nagpapanatili sa atrasadong kalagayan ng bansa. Marami siyang isinulat na libro na naglantad sa iba't ibang mukha ng imperyalistang pang-aapi at pagsasamantala.